

Ang Ating Buwan: Ang Buwan

- [Panimula](#)
- [Ang Kahalagahan ng Buwan](#)
- [Ang pagtuklas sa ibang mga buwan](#)
- [Ang IAU at ang pagpangalan sa Buwan](#)
- [Mga sanggunian ng IAU](#)
- [Links ng IAU](#)

Panimula

Bakit walang pangalan ang Buwan? Bakit “buwan” lang ang tawag natin dito? Hindi ba dapat humanap ng mas mainam na pangalan para rito? Sisiyasatin ng artikulong ito ang pinagmulan ng pangalan ng ating buwan, ang kahalagahan nito sa iba’t ibang kultura, at ang mga dahilan sa likod ng mga opisyal na rekomendasyon ng IAU (International Astronomical Union).

Ang Kahalagahan ng Buwan

Pinapangalanan na ng mga tao ang mga bagay sa kalangitan bago pa man naimbento ang pagsusulat. Halos lahat ng mga sibilisasyon at kultura sa mundo ay mga pangalan para sa mga bituwin at planeta na nakikita sa kalawakan, at sa posisyon ng mga ito sa kalangitan ([Montmerle, 2013](#)).

Mula sa isang pangkulturang pananaw, ang buwan ay mahalaga sa lahat ng lipunan at kapanahunan. Ang ating Buwan, bilang ikalawang pinakamaliwanag na bagay sa kalangitan kasunod ng Araw, ay may katumbas na pangalan sa bawat kultura at bahagi ng kanilang mitolohiya, at pinagtutuunan din ng pagsasaliksik ng sangkatauhan sa buong kasaysayan nito.


Ang satellite ng Mundo ay tinatawag na Moon (malaking titik M) ng mga [siyentipiko](#) at maging ng publiko. Ang isang natural satellite na umiikot sa paligid ng isang planeta, dwarf planet, minor planet, o trans-neptunian object ay minsan ding tinatawag na moon (maliit na m) ng publiko.

Sa mitolohiya ng mga Romano, ang buwan ay tinawag na Luna, at ang pangalang ito ay nanatili sa mga wikang nag-ugat sa Latin: Ang Luna ay ginamit sa wikang Kastila at Italyano, samantalang Lune naman sa wikang Pranses, Lua, sa wikang Portuges, Lună sa Romania, at iba pa. Kahit sa mga wikang hindi hango sa Latin tulad ng Ingles ay mababatid ang Latin na pinagmulan ng mga ito, halimbawa na lamang ang pang-uring “lunar” sa wikang Ingles. Sa mitolohiya ng mga Nordiko, ang buwan ay mas kilala sa tawag na Máni, ito rin ay naka impluwensya sa Suweko, Norsk, at Danes na salita para sa buwan, na tinawag nilang Månen. Sa mga Hawaiian, ang buwan ay tinatawag na Mahina, mula sa diyosa ng buwan na si Hina. Sa Hindi, ang buwan ay tinatawag na चंद्र (chaand) o Maan sa mga Afrikaans at Inyanga sa Zulu. Sa mga Tsino at Hapon, ang buwan ay kumakatawan sa parehong logograma na 月, ito ay binibigkas na Tsuki sa wikang Hapon at Yuè naman sa wikang Tsino.

Nauna ang pagbibigay ng pangalan sa mga bagay sa kalangitan bago pa man tangkain bigyan ang mga ito ng siyentipikong pangalan. Dahil sa paglaganap ng mga sopistikadong teleskopyo sa kasalukuyang panahon, ngayon lamang nagkaroon ng pangangailangan ang mga astronomo na gumawa ng mga pamantayan sa pagpangalan sa mga bagay sa kalangitan para sa kanilang pagsasaliksik ([Montmerle, 2013](#)).

Pagtuklas sa iba pang mga buwan

Noong Enero 1610, gamit ang isang teleskopyo na nakatuon sa direksyon ng planetang Jupiter, ang Italyanong astronomo at matematiko na si Galileo Galilei ay nakakita ng apat na bagay na una niyang tinawag na mga “bituwin”. Napansin niya na ang mga “bituwin” na ito ay nakalinya sa planeta, at matapos ang araw-araw na pagmamasid ay napansin din niyang gumagalaw pala ang mga ito kasabay ng planeta—tila gumagalaw ang mga ito sa paligid ng Jupiter gaya ng paggalaw ng buwan sa paligid ng ating mundo.



Imahe 1 - Bahagi ng mga guhit ni Sidereus Nuncius sa Jupiter at mga Bituwing Medicean. (Orihinal na Imahe mula sa Koleksyon ng Kasaysayan ng Agham, Aklatan ng Unibersidad ng Oklahoma)

Iminungkahi ni Simon Marius noong 1614 na pangalanan ang mga ito na Io, Europa, Ganymede, at Callisto, mga pangalan na hango sa mitolohiyang Greko-Romano. Sa una’y hindi itinangkilik ang kaniyang mungkahi, ngunit unti-unti itong tinanggap ng publiko hanggang sa naging malawakan ang paggamit ng mga pangalang ito pagsapit ng ika-20 siglo.

Noong 1610, lumawak ang ating kaalaman sa kalawakan. Natuklasan natin na hindi pala nag-iisa ang Buwan sa langit—maraming kagaya nito na lumilibot sa ibang planeta.

Ang IAU at ang Pagpapangalan sa mga Buwan

Mula noong itinatag ang IAU noong 1919, ito na ang naging pangunahing tagapangasiwa sa pagpapangalan ng mga planeta at mga buwan. Ang ahensiyang ito ay tumatanggap lamang ng mga mungkahing nakabatay sa matatag at masusing pag-aaral ng mga grupo ng astronomo. Ang mga pangalan ng mga pangunahing planeta (Mercury, Venus, Earth, Mars, Jupiter, Saturn, Uranus, Neptune, Pluto) at ng ating buwan (Moon) ay [nakabase](#) sa IAU Resolusyon Bilang 10, at napagkasunduan ng ikalabing-anim (XVIth) na Panglahatang Pulong ng IAU sa Grenoble, France, noong 1976. Ang walong pangunahing planeta at ang ating buwan ay may opisyal na pangalan mula sa IAU. Ang mga pangalan ng mga planeta ay matagal nang ginagamit bago pa man itatag ang IAU noong 1919 (hal., ng mga siyentipiko, sa mga akdang pangpropesyonal ang panglibangan, sa mga nautical almanac, atbp.). Kahit may mga nakasanayang mga pangalang kultural at pampubliko ang mga planeta at mga buwan sa iba’t-ibang wika, kailangan pa rin sa larangan ng agham ang napagkaisahang “opisyal” na pangalan ng mga planeta at mga buwan, na nakasulat naman sa mga resolusyon ng IAU at ang Manwal sa Istitlong IAU (Pagpapangalan sa mga Astronomikong Bagay, 2017).

Ang itinakdang pangalan sa ating buwan ay “Moon” na may malaking titik M at ginagamit bilang pangalan (isang pangalang pantangi). Tulad ng sa ating Buwan, ganoon din ang paraan ng pagpapangalan sa ating Mundo - ang Earth, ng ating Solar System (IAU Style Manual, 1989), at ng iba pang mga pangunahing mga planeta. Sa unang

akala, madaling isipin na ang mga bagay sa kalangitan ay walang wastong pangalan. Ngunit ang totoo ay ang kabaliktaran. Ang pagtawag natin sa ating buwan bilang Moon, at sa ating Sistemang Pang-araw bilang Solar System, ay isang patunay ng kahalagahan ng mga ito sa sangkatauhan.

Mga Sanggunian mula sa IAU

- Pagpapangalan sa mga Planeta at kanilang mga Buwan: (Montmerle, 2013) https://www.iau.org/static/public/naming/planets_and_satellites.pdf
- Mga Pangalan ng mga Planeta at kanilang mga Buwan at ang mga Nakatuklas <https://planetarynames.wr.usgs.gov/Page/Planets>
- Sistemang Jovian <https://planetarynames.wr.usgs.gov/Page/Planets#JovianSystem>
- Pagpapangalan ng mga Astronomikong Bagay <https://www.iau.org/public/themes/naming/>
- Manwal sa Istitlong IAU, Trans. Int. Astron. Union, Bolyum 20B, 1989; Kabanata 8, page S30 Wika, Baybay, at Pagsasatitik https://www.iau.org/static/publications/iau_trans20b_s30.pdf

Mga Link ng IAU

- Division F WG Pagpapangalan sa mga Lipon ng mga Planeta (WGPSN) https://www.iau.org/science/scientific_bodies/working_groups/98/
- Mga Buwan ng mga Planeta sa Solar System <https://www.iau.org/public/themes/naming/#satellites>
- Mga Pangunahing Planeta at ang Buwan <https://www.iau.org/public/themes/naming/#majorplanetsandmoon>

Ang bersyong Filipino na ito ay isinalin ng mga boluntaryo ng [Astronomy Translation Network](#) sa koordinasyon ng [National Astronomical Observatory of Japan](#) at ng [IAU Office for Astronomy Outreach](#).



Isinalin nina Kim Jonathan Isidro at Andrian Orallo
Iwinasto nina Michael Charlston B. Chua, Rizchel Masong at Allen Severino
Siyentipikong pagsusuri ginawa nina Pecier Decierdo, Timothy James Dimacali at Reinabelle Reyes, PhD

Petsa: Ika-28 ng Agosto, Taon ng 2018

Salin: https://www.iau.org/public/themes/our_moon/

Ang gawang ito ay nakalisensya sa ilalim ng Creative Commons Attribution 4.0 International License (<https://creativecommons.org/licenses/by/4.0/>).